

Liturhiya Para sa Pagkabuhay na Mag-uli 2016

Marso 27, 2016

Tungo sa Espiritwalidad Para sa Bagong Sangnilikha **ANG TAGUMPAY NG IPINAKONG MESIYAS**

Nagpupuri sa Panginoon ng Buhay at Kasaysayan ang Pamayanan ng Pananampalataya

PANIMULANG TUGTUGIN

PROSESYONAL

Sa masayang tugtugin nagtitipon ang kapulungan sa labas ng iglesya/dakong pinagtitiipunan sa gawain ng pagsalubong sa muling nabuhay na Cristo. (Gamit ang banda at iba pang kasangkapang pangmusika sa buong daloy ng pagsamba.)

Susundan ng prosesyon kung saan dala ng mga piling indibidwal ang mga sumusunod na simbolo ng pagkabuhay na mag-uli:

- Bibliya - Upang magsimbolo sa nakatalang patotoo ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo
- Mga Bulaklak - Upang magsimbolo sa kasariwaan
- Bagong Usbong na Halaman - Upang magsimbolo sa tagumpay ng buhay sa kamatayan
- Kandila ni Cristo - Upang magsimbolo sa ilaw na gumagapi sa kadiliman at ilaw ni Cristo (Sisindihan matapos ang Tawag sa Pagsisisi)
- Sisidlan ng mga Kaloob - Upang magsimbolo sa kahandaan ng mga tao na mag-alay ng buhay at yamang materyal laan sa gawain ng pagtatatag ng kaharian ng Diyos

(Maaring gumamit ng iba pang mga simbolo bilang upang sumimbolo sa pananagumpay sa mga pwera ng kadiliman at kamatayan.)

† TAWAG SA PAGSAMBA:

Awit 118:1-2, 14-24

Tagapanguna: Purihin si Yahweh sa kanyang kabutihan! Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman.

Kapulungan: Ang taga-Israel, bayaang sabihi't kanilang ihayag, "Pag-ibig niya'y tunay, laging tapat kailanman."

Kababaihan: Si Yahweh ang lakas ko't kapangyarihan; siya ang sa aki'y nagdulot ng kaligtasan.

Kapulungan: Dinggin ang masayang sigawan sa tolda ng mga hinirang: "Si Yahweh ay siyang lakas na patnubay!"

Kalalakihan: Ang lakas ni Yahweh ang siyang nagdulot ng ating tagumpay, sa pakikibaka sa ating kaaway."

Kapulungan: Aking sinasabing hindi mamamatay, ako'y mabubuhay ang gawa ni Yahweh, taos sa aking puso na isasalaysay.

- Kabataan:** Pinagdusa ako at pinarusahan nang labis at labis, ngunit ang buhay ko'y di niya pinatid.
- Kapulungan:** **Ang mga pintuan ng banal na templo'y inyo ngayong buksan, ako ay papasok, at itong si Yahweh ay papupurihan.**
- Tagapanguna:** Pasukan ni Yahweh ang pintuang ito; tanging makakapasok ay matuwid na tao!
- Kapulungan:** **Aking pinupuri ikaw, O Yahweh, yamang pinakinggan, dininig mo ako't pinapagtagumpay.**
- Kababaiahan:** Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo ng bahay, ang siyang naging batong-panulukan.
- Kapulungan:** **Ginawa ito ni Yahweh at ito'y kahanga-hangang pagmasdan.**
- Lahat:** O kahanga-hanga ang araw na itong si Yahweh ang nagbigay, tayo ay magalak, ating ipagdiwang!

† SAYAW NG PAGDIRIWANG:

Celtic

♫ *Lord Of The Dance* ♫

Sydney Carter

*I danced in the morning when the world was young
I danced in the moon and the stars and the sun
I came down from heaven and I danced on the earth
At Bethlehem I had my birth.*

Chorus:

*Dance, dance, wherever you may be
I am the lord of the dance, said he
And I lead you all, wherever you may be
And I lead you all in the dance, said he.*

*I danced for the scribes and the Pharisees
They wouldn't dance, they wouldn't follow me
I danced for the fishermen James and John
They came with me so the dance went on. (Chorus)*

*I danced on the Sabbath and I cured the lame
The holy people said it was a shame
They ripped, they stripped, they hung me high
Left me there on the cross to die. (Chorus)*

*I danced on a Friday when the world turned black
It's hard to dance with the devil on your back
They buried my body, they thought I was gone
But I am the dance, and the dance goes on. (Chorus)*

† IMBOKASYON:

Lahat

Diyos ng buhay, nagsiparito kami ngayon upang magalak na ipagdiwang ang pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. Sumaamin kang muli sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang lubos naming maunawaan kung ano ang kahulugan ng

ng pagdiriwang ng Pagkabuhay na Mag-uli higit sa panahon at kalagayang ito. Sa pangalan ni Cristo. Amen.

Tugon: *They cut me down and I leapt up high
I am the life that will never, never die
I'll live in you if you'll live in me
I am the Lord of the dance, said he.*

*Chorus:
Dance, dance, wherever you may be
I am the lord of the dance, said he
And I lead you all, wherever you may be
And I lead you all in the dance, said he.*

MADAMDAMING PAGBASA: (Nagmumula sa iba't ibang direksyon)

- Tinig 1:** Inalipusta ng mga nagpahirap sa kanya at iniwan ng kanyang malalapit na mga kaibigan, inihinga ni Jesus ang kanyang huling hininga sa katiyakang naganap niya ang misyon na siyang dahilan kung bakit siya isinugo ng Diyos. Hindi na mahalaga kung ano ang kasasapitan niya sa likod ng pagkapako sa krus. Subalit tinugon si Jesus ng Diyos sa tanong na hindi niya itinanong. Ipinagkaloob sa kanya ang pagpapalang hindi natanggap ninuman – ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli mula sa kamatayan!
- Tinig 2:** Hindi lamang siya sinagip ng Diyos mula sa mundo ng kamatayan na siyang patutunguhan ng mga mortal na nilalang. Ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli na wala kaninuman kundi sa makapangyarihan at walang hanggang Diyos. Nakibahagi sa kapangyarihang ito ng Diyos, tinanggap ni Jesus ang karapatang ibahagi ito sa mga sumampalataya at sumunod sa kanya. Higit sa pagtugon ang ginawa ng Diyos sa mga katangungan ni Jesus ukol sa kanyang kapalaran. Ginawa ng Diyos na ang pagkabuhay na mag-uli ni Jesus ang maging tanging hangarin ng bawat sumasampalataya at sumusunod at pumapasan ng kanilang mga krus alang-alang sa kanya.
- Tinig 3:** May isa pang bahagi sa tugon ng Diyos sa katanungan ni Jesus. Kinilala at binigyang katuwiran ng Diyos ang kanyang piniling landasin ng pagsunod. Inako ni Jesus ang mga biktima ng pagsasamantala, karahasan, pagtatwa, pag-alimura at pang-aapi ng mga makapangyarihan. Sa halip na dekorasyon inalimura at inusig, ginawang kriminal at pinagdusa siya. Sa kanyang pagkabuhay na mag-uli, kinilala ng Diyos ang pasya niyang makiisa sa mga nagdurusa sa sanlibutan. Kahit nabigong baguhin ni Jesus ang sanlibutan sa kanyang buhay sa daigdig, inalalayan ng Diyos ang kanyang pagkilos sa katotohanan at katarungan bilang wastong landas tungo sa pagtatatag ng kanyang kaharian sa lupa. Katibayan ng pagsang-ayon ng Diyos sa gawain ni Cristo sa sanlibutan ang kanyang pagkabuhay na mag-uli.

(Salin sa Tagalog mula UCCP Sunday School Guide, Year 1, The Essence of Christian Spirituality, Companion Guide for the Teachers and Other Users)

Response:

HFJ#163

♪ Christ the Lord is Risen Today ♪

1. Christ the Lord is risen today, Alleluia!
Mortal tongues and angels say, Alleluia!
Raise your joys and triumphs high, Alleluia!
Sing, glad heavens, and earth reply, Alleluia!
2. Let the Victor's people sing, Alleluia!
Where, O death, is now your sting? Alleluia!
Dying once, Christ lives to save, Alleluia!
Where your victory, O grave? Alleluia!
3. Love's redeeming work is done, Alleluia!
Fought the fight, the battle won, Alleluia!
Death in vain forbids Christ rise, Alleluia!
God has opened paradise, Alleluia!
4. Soar we now where Christ has led, Alleluia!
Following our exalted Head, Alleluia!
Make like Christ, like Christ we rise, Alleluia!
O'er the cross, the grave, the skies, Alleluia!

Rinikilala ng Pamayanan ng Pananampalataya ang Kanyang Pagiging Makasalanan

TAWAG SA PAGSISISI:

Tagapanguna

O Nagbangon at Matagumpay na Cristo, na ang pag-ibig at liwanag ay pumupuksa sa kadiliman ng kamatayan, na ang kahabagan ay nagpapatawad sa lahat ng mga kasalanan ng sanlibutan lalo't higit ang mga kasalanan na amin ngayong ipapahayag sa iyo.

(Sandali ng katahimikan sa paghahayag ng mga kasalanan habang sinisindihan ang Kandila ni Cristo.)

KATIYAKAN NG PAGPAPATAWAD NG DIYOS:

Ministero

Sabi ni Jesus, "Ako ang ilaw ng sanlibutan. Ang sumusunod sa akin ay magkakaroon ng ilaw na nagbibigay-buhay, at di na lalalakad sa kadiliman." Sa mga salitang ito ni Jesus, na ating Panginoon at Tagapagligtas, makipagkasundo nawa tayo sa Diyos at sa isa't isa, isinasabuhay ang ating mga buhay para sa buhay ng sanlibutan. Amen.

Magsitayo tayo at iabot nang ating mga kamay ngayon sa bawat isa bilang tanda ng panibagong ugnayan at pagtatalaga upang mamuhay bilang mga liwanag sa sanlibutan. (Patutugtugin minsan ang masayang tugtugin.)

MGA PAGBATI AT MALASAKIT NG PAMAYANAN

PANALANGIN NG PAMAYANAN

Nakikinig sa Paghahayag ng Buhay na Salita ng Diyos ang Pamayanan ng Pananampalataya

SA PAGBASA:	MULA SA MATANDAND TIPAN -	Isaias 65:17-25
	MULA SA MGA SULAT -	1 Corinto 15:19-26
	† MULA SA BAGONG TIPAN -	Lukas 24:1-12

SA AWIT NG KORO O MALIKHAING GALAW

SA PAGHAHAYAG NG SALITA

(Sandali ng pansariling pagninilay)

Inihahandog sa Diyos ng Pamayanan ng Pananampalataya ang Bunag, Panahon, mga Kakayahan at Kayamanan

TAWAG SA PAGHAHANDOG:

Tagapanguna

Sa ating pag-aawit at mga panalangin inihandog natin ang ating pagpupuri at pagdakila sa Diyos para sa lahat ng mga pagpapalang ibinuhos sa atin. Sa ating pagtatalaga ng ating mga buhay sa mga gawain ng Iglesyang binigyang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, dalhin natin ngayon ang ating mga kaloob sa Diyos bilang simbolo ng ating pagpapasalamat at pagtatalaga sa pakikibahagi sa pagtatatag ng kanyang kaharian sa lupa.

PAGKAKALOOB AT AWIT:

♪ Give Thanks ♪

Give thanks with the grateful heart
Give thanks to the Holy One
Give thanks because He's given Jesus Christ, His Son
And now let the strong say, "I will help"
Let the rich say, "I will share"
Because of what the Lord has done for us,
Give thanks.

† DOKSOLOHIYA

† PANALANGIN NG PAGKAKALOOB:

Sabay-sabay

Mapagmahal na Diyos, Panginoon ng pananagumpay, Panginoon ng sayaw, sa iyong mapagbiyayang kalakasan, kumikilos kami tungo sa higit pang mataas at masikhay na paglilingkod sa iyo at sa sangkatauhan. Nagiging posible ang pahayag na ito sa iyong masagana at mapagpalayang pag-ibig. Kung kaya't bilang pahayag ng aming pananampalataya at pagpapasalamat, magalak naming inihahandog ang alam naming mula sa iyo : ang aming mga sarili at ang mga kaloob laan sa gawain ng katarungan at buhay na ganap para sa lahat. Taus puso kaming dumadalangin sa pangalan na aming matagumpay na Jesus Mesiyas. Amen.

† PANGWAKAS NA AWIT:

HFJ#170

♪ We Thank You, God, for Sunday ♪

1. We thank you God for Sunday, the day when Christ arose, the day of praise and meeting, of blessing and repose,

Each day, each hour is sacred, you guide us all the way,
We praise you most for Sunday, our resurrection day.

2. The first day of creation when naught had come to be,
your Holy Spirit brooded upon the formless sea,
And then you split the silence and spoke: "Let there be light!"
Before the dusk of evening, you made both day and night.

3. This first day as we gather we seek for new life, new birth,
the eight day of creation when you renew the earth,
Remold you yearning people, reshape our shattered clay,
So we may rise each morning to resurrection day.

‡ **PANGWAKAS NA PANALANGIN AT BENEDIKSYON:** **Ministro**

‡ **LIMAHANG AMEN**

RESESYONAL

PANGWAKAS NA TUGTUGIN

Pamayanan tayo ng nabuhay na mag-uling katawan, isinugo upang matapat na ipahayag ang Mabuting Balita ng pag-ibig at pangkabuuang kaligtasan tungo sa bagong sangnilikha.